Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Pagpapataas ng Lebel ng Interes sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino Gamit ang Interkultural na Tematikong Integrasyon

Frinces Mariel C. Caminero [1]
1 – Gov. Feliciano Leviste Memorial National High School/ Golden Gate Colleges
frincesmariel.caminero@deped.gov.ph / 0009-0000-5360-2708

Publication Date: May 29, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20438803**

**Abstrak**

Layunin ng pag-aaral na ito na mapataas ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang ng SPFL Korean Language sa pagkatuto ng asignaturang Filipino gamit ang Interkultural na Tematikong Integrasyon bilang pangunahing estratehiya sa pagtuturo. Gumamit ito ng kwantitatibong disenyo ng pananaliksik sa pagsusuri ng datos mula sa tatlumpung (30) mag-aaral ng Governor Feliciano Leviste Memorial National High School, taong panuruan 2025–2026. Sa pamamagitan ng talatanungan, natukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng interaktibong pamamaraan ng pagtuturo, pag-unawa sa nilalaman ng aralin, at aktibong pakikilahok sa klase.

Lumabas sa pag-aaral na epektibong naisasagawa ng mga guro ang interkultural na thematic integration sa pagtuturo ng Filipino, na nagbubunga ng mas mataas na motibasyon, partisipasyon, at paggalang sa pagkakaibang kultural ng mga mag-aaral. Gayunman, natukoy din ang ilang hamon tulad ng kakulangan ng kagamitang panturo, limitadong oras, at hindi pantay na partisipasyon sa klase. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang masusing paghahanda ng mga materyales at paggamit ng makabagong, kolaboratibo, at kontekstuwalisadong gawain ay mahalaga upang higit na mapalalim ang pag-unawa at interes ng mga mag-aaral. Bilang tugon, iminungkahi ang pagbuo ng anim-na-linggong panlinang na plano bilang interbensiyon upang isulong ang interkultural na pagkatuto sa Filipino. Sa kabuoan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang Interkultural na Tematikong Integrasyon ay isang mabisang estratehiya sa pagpapataas ng interes, kasanayan, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa kontekstong Asyano.

**Mga Susing Salita:** *Interkultural na Tematikong Integrasyon, Interes sa Pagkatuto, Asignaturang Filipino, SPFL Korean Language, Kolaboratibong Pagtuturo, Kasanayan sa Wika.*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Introduksyon at Paglalahad ng Suliranin

Sa kasalukuyang panahon ng makabagong teknolohiya at mabilis na globalisasyon, isang malaking hamon sa sistema ng edukasyon ang mapanatiling makabayan habang sinisikap ding makisabay sa mga pandaigdigang pagbabago. Isa sa mga pangunahing layunin ng edukasyon ay ang paghahanda sa mga kabataan na maging mapanuri, malikhain, at may kakayahang makipag-ugnayan sa mas malawak na mundo. Hindi na sapat ang pagiging bihasa lamang sa sariling wika at kultura, bagkus kinakailangan ding maunawaan ng mga mag-aaral ang mga banyagang kultura at wika.

Kaugnay nito, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang Special Program in Foreign Language (SPFL) upang mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon gamit ang iba't ibang banyagang wika tulad ng Korean. Gayunpaman, sa kabila ng tagumpay ng programang ito, napansin ang pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Habang pinauunlad nila ang kanilang kasanayan sa banyagang wika, nagiging hamon ang pagpapanatili ng kanilang interes at pagpapahalaga sa sariling wika at kultura.

Alinsunod sa Saligang Batas ng 1987, mahalaga ang papel ng wikang Filipino bilang daluyan ng edukasyon at pambansang pagkakakilanlan. Dahil dito, kinakailangang makahanap ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Bilang tugon, iminungkahi sa pag-aaral na ito ang paggamit ng **Interkultural na Tematikong Integrasyon**, kung saan pinag-uugnay ang kulturang Pilipino at banyaga upang gawing mas makabuluhan at kawili-wili ang pagkatuto. Layunin nitong mapataas ang interes ng mga mag-aaral at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa asignaturang Filipino sa kontekstong multikultural.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang ng SPFL Korean Language sa pagkatuto ng asignaturang Filipino gamit ang Interkultural na Tematikong Integrasyon.

Nilalayon nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Special Program in Foreign Language sa pagkatuto ng asignaturang Filipino batay sa:
   1.1 paggamit ng interaktibong pampagtuturo;
   1.2 pag-unawa sa nilalaman ng aralin; at
   1.3 kasanayan sa pakikilahok sa klase?
2. Paano isinasagawa ng mga guro ang Interkultural na Thematic Integration sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Ikasiyam na Baitang batay sa:
   2.1 nilalaman ng bawat aralin;
   2.2 gawaing pangklase; at
   2.3 pakikisalamuha sa kapwa?
3. Gaano kaepektibo ang paggamit ng Interkultural na Thematic Integration sa pagtuturo batay sa:

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

3.1 paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo; at
3.2 pagtutok sa partisipasyon ng mga mag-aaral?
4. Ano ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng Interkultural na Thematic Integration sa pagtuturo?
5. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, anong mga panlinang na plano at gawain ang maaaring mabuo?

# Metodolohiya

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit ng mananaliksik ang kwantitatibong disenyo ng pananaliksik upang sistematikong masuri at maipaliwanag ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino sa pamamagitan ng interkultural na tematikong integrasyon.

Ang disenyong ito ay nakatuon sa pangangalap ng datos mula sa mga piling respondente sa pamamagitan ng sarbey o talatanungan upang masukat at mabigyang-kahulugan ang kanilang lebel ng interes sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng kwantitatibong pamamaraan, nagiging posible ang paggamit ng istatistikal na pagsusuri upang makapagbigay ng malinaw at obhetibong interpretasyon ng mga datos na nakalap.

**Mga Kalahok ng Pag-aaral**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng tatlumpung (30) mag-aaral mula sa Ikasiyam na Baitang ng Special Program in Foreign Language (SPFL) Korean Language sa Governor Feliciano Leviste Memorial National High School, taong panuruan 2025–2026.

Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ang simple random sampling, kung saan ang bawat mag-aaral ay may pantay-pantay na pagkakataon na mapili bilang respondente. Sa paraang ito, naiiwasan ang pagkakaroon ng bias at napananatili ang pagiging obhetibo ng pananaliksik.

Ang mga kalahok ang nagsilbing pangunahing pinagkunan ng datos upang masuri ang kanilang karanasan, kasanayan, at pananaw hinggil sa paggamit ng interkultural na tematikong integrasyon sa pagkatuto ng asignaturang Filipino

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Mga Instrumento ng Pananaliksik

Upang makuha ang kinakailangang impormasyon, gumamit ang mananaliksik ng **talatanungan (survey questionnaire)** bilang pangunahing instrumento sa pananaliksik. Ang talatanungan ay ipinamahagi sa tatlumpung (30) piling mag-aaral mula sa Ikasiyam na Baitang ng SPFL Korean Language sa Governor Feliciano Leviste Memorial National High School.

Ang talatanungan ay dinisenyo upang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, partikular sa paggamit ng interaktibong pamamaraan ng pagtuturo, pag-unawa sa nilalaman ng aralin, at pakikilahok sa klase. Sinusuri rin nito kung paano isinasagawa ng mga guro ang **Interkultural na Thematic Integration** sa nilalaman ng aralin, gawaing pangklase, at pakikisalamuha ng mga mag-aaral, pati na rin ang mga hamon na kinahaharap sa paggamit nito.

Bago ipamahagi, isinailalim sa **balidasyon** ang talatanungan sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga eksperto at guro sa asignaturang Filipino at SPFL Korean Language upang matiyak ang kalinawan, kawastuhan, at kaangkupan ng mga tanong. Isinaalang-alang ang kanilang mga mungkahi upang mapabuti ang nilalaman at estruktura ng instrumento.

Ang administrasyon ng talatanungan ay isinagawa sa pamamagitan ng **Google Forms**, kung saan ipinaliwanag muna sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at ang tamang paraan ng pagsagot. Tiniyak din na ang lahat ng sagot ay mananatiling kumpidensyal at gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik.

Sa pag-iiskor, ginamit ang **Likert Scale** upang masukat ang antas ng pagsang-ayon ng mga kalahok:

- 4 – Lubos na Sumasang-ayon
- 3 – Sumasang-ayon
- 2 – Hindi Sumasang-ayon
- 1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Sa pamamagitan ng instrumentong ito, naging sistematiko at malinaw ang pangangalap ng datos hinggil sa karanasan, kasanayan, at pananaw ng mga mag-aaral sa interkultural na tematikong integrasyon sa pagtuturo ng Filipino.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Upang makuha ang kinakailangang impormasyon para sa pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng **talatanungan** bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang pamamaraang ito ay pinili dahil ito ay epektibo, sistematiko, at nagbibigay ng malinaw na larawan ng karanasan, kasanayan, at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Interkultural na Tematikong Integrasyon sa pagtuturo ng Filipino.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Ipinamahagi ang talatanungan sa **tatlumpung (30) piling mag-aaral** mula sa Ikasiyam na Baitang ng SPFL Korean Language sa Governor Feliciano Leviste Memorial National High School. Bago ang administrasyon, ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at ang tamang paraan ng pagsagot upang matiyak ang wastong pagkaunawa ng mga kalahok.

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng **Google Forms**, kung saan ang mga sagot ng mga kalahok ay nanatiling kumpidensyal at ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik. Ang mga nakalap na datos ay sistematikong initala, inayos, at inihanda para sa pagsusuri upang masagot ang mga suliranin ng pag-aaral.

## Plano ng Pagtatasa ng Datos

Upang masuri ang bisa ng Interkultural na Tematikong Integrasyon sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, gumamit ang mananaliksik ng angkop na estadistikang pamamaraan sa pagsusuri ng mga datos.

Ang mga sumusunod na pamamaraan ang ginamit:

- **Weighted Mean** – Ginamit upang matukoy ang pangkalahatang tugon o antas ng kasagutan ng mga kalahok sa bawat indikeytor.
- **Frequency** – Tumukoy sa dami o bilang ng mga kasagutan at kung gaano kadalas ito naibigay ng mga kalahok.
- **Verbal Interpretation** – Ginamit upang maipaliwanag ang kahulugan ng mga numerikal na resulta batay sa Likert Scale.

Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, naging malinaw ang interpretasyon ng datos at naging batayan sa pagbuo ng konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# RESULTA NG PAG-AARAL

Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang paggamit ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng motibasyon, pag-unawa, at partisipasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang mga hamon sa paggamit ng interkultural na thematic integration ay umiikot sa tatlong aspeto: pagkakaibang kultural at kakulangan sa konteksto, limitasyon sa oras ng pagtuturo, at kakulangan ng personal na koneksyon ng mag-aaral sa paksa.

Gayunman, ang mga hamong ito ay maaaring tugunan sa pamamagitan ng mas piniling mga interkultural na aktibidad, sapat na pagpapaliwanag ng guro, at paggamit ng mga konkretong halimbawa at karanasang malapit sa realidad ng mga mag-aaral.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ang mananaliksik ay humantong sa pagbuo ng plano ng mga gawain bilang interbensyon sa pagtuturo ng Filipino na tumutugon sa mga hamon na lumitaw sa pag-aaral.

WEEKLY ENRICHMENT IMPLEMENTATION PLAN

Interkultural na Thematic Integration sa Pagtuturo ng Filipino

Kabuoang Layunin ng Plano

- Mapalalim ang interkultural na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng tematikong integrasyon ng kulturang Pilipino at Koreano.
- Mapataas ang aktibong partisipasyon at pagtiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa interaktibong talakayan.
- Magamit ang teknolohiya at malikhaing pamamaraan bilang kasangkapan ng pagpapahayag at pagkatuto.
- Mapaigting ang pagpapahalaga sa sariling kultura habang nagiging bukas sa kultura ng iba.

Mga Kagamitang Kakailanganin

- Audio-visual aids (video clips, larawan, PowerPoint)
- Mga piling akdang pampanitikan mula sa Pilipinas at Korea
- Laptop, cellphone, at projector
- Art materials (cartolina, larawan, gunting, glue)
- Rubrics at reflection sheets

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| **Linggo** | **Paksa / Tema** | **Layunin ng Linggo** | **Mga Panlinang na Gawain** | **Pamamaraan ng Pagtataya** | **Inaasahang Kinalabasan** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Linggo 1** | *Pagkilala sa Kultura ng Pilipinas at Korea* | Maunawaan ang mga pangunahing aspeto ng kulturang Pilipino at Koreano. | **Gawain 1:** *Interkultural na Talakayang Pangkultura* – Paghahambing ng mga kaugalian, tradisyon, at pagpapahalaga ng dalawang bansa. | Rubrik sa presentasyon at aktibong partisipasyon. | Naipapakita ng mga mag-aaral ang kakayahang maghambing at magpahayag ng kultural na kaalaman. |
| **Linggo 2** | *Panitikan Bilang Salamin ng Kultura* | Masuri ang ugnayan ng panitikan at kultura sa dalawang bansa | **Gawain 2:** *Pagsasalin at Pagsusuri ng Tula o Kuwento* – Paghahambing ng tulang Pilipino at Koreano. | Rubrik sa pagsusuri ng tula (nilalaman, tema, kultura). | Nalilinang ang kasanayan sa pagsusuri at pagpapahalaga sa panitikan bilang daluyan ng kultura. |
| **Linggo 3** | *Karanasan ng Kabataan sa Dalawang Kultura* | Iugnay ang karanasan ng kabataan sa mga kontekstong interkultural. | **Gawain 3:** *“Buhay sa Dalawang Kultura” Vlog o Digital Poster Project.* | Rubrik sa nilalaman, pagkamalikhain, at teknikal na presentasyon. | Nagagamit ang teknolohiya sa pagpapahayag ng interkultural na karanasan at pag-unawa. |
| **Linggo 4** | *Pag-unawa at Empatiya sa Ibang Kultura* | Paunlarin ang empatiya at kakayahang makibagay sa magkaibang | **Gawain 4:** *Role-Playing: “Kung Ako ay Isang Mag-aaral sa Korea”* – Pagpapakita ng kultural na sitwasyon at pag-angkop sa bagong | Rubrik sa pagganap (pagpapahayag, pag-unawa sa kultura, | Napauunlad ang *intercultural empathy* at kasanayan sa komunikasyon. |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | kultura. | kapaligiran. | kooperasyon ). | |
| **Linggo 5** | *Pagninilay sa Interkultural na Identidad* | Magkaroon ng personal na koneksyon at repleksyon sa mga aralin. | **Gawain 5:** *Sanaysay: "Ang Kulturang Pilipino at Koreano sa Aking Pagkatao."* | Rubrik sa nilalaman, repleksyon, at organisasyon ng ideya. | Napapaigting ang kamalayang kultural at replektibong pag-iisip ng mag-aaral. |
| **Linggo 6** | *Pagdiriwang ng Pagkakaiba at Pagkakaisa ng Kultura* | Ipagdiwang at ipakita sa malikhaing paraan ang natamong interkultural na kaalaman. | **Gawain 6:** *"Cultural Collage" Exhibition* – Pagpapakita ng sining, simbolo, at konseptong kultural ng dalawang bansa. | Rubrik sa artistikong presentasyon at interpretasyon ng kultura. | Naipapamalas ng mag-aaral ang visual literacy, pagkamalikhain, at pagpapahalaga sa pagkakaibang kultural. |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Lagom ng Kinalabasan, Konklusyon at Rekomendasyon

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng buod ng mga pangunahing kinalabasan ng pag-aaral, kalakip ang mga konklusyong nabuo batay sa mga natuklasang datos. Inilahad din dito ang mga rekomendasyong makatutulong sa pagpapabuti ng interkultural na thematic integration sa pagtuturo ng Filipino.

1.Ang mga mag-aaral ng SPFL Korean Language ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino, partikular sa paggamit ng mga interaktibong pamamaraan ng pagtuturo, pag-unawa sa nilalaman ng aralin, at aktibong pakikilahok sa klase. Ipinapakita ng mga datos na ang paggamit ng multimedia at teknolohiyang panturo ay malaki ang naitutulong sa mas madaling pagkatuto at mas malalim na pag-unawa ng mga konsepto, samantalang ang kolaboratibong gawain at aktibong interaksiyon ay nakapagpapalakas ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral.

2. Pinatutunayan ng mga resulta na ang interkultural na thematic integration ay mabisang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sapagkat hindi lamang nito pinayayaman ang kaalaman sa wika at kultura, kundi pinauunlad din nito ang mga mag-aaral bilang bukas-isip, magalang, at mapagmalasakit na mamamayan sa isang multikultural at globalisadong lipunan.

3. Ipinapakita ng resulta na ang antas ng paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino ay nasa katamtamang antas lamang. Sa pag-aaral ni Frances Antoinette C. Cruz (2017), tinukoy nito ang kakulangan sa pagsasama ng intercultural content sa pagtuturo ng wikang banyaga. Iminungkahi niya ang paggamit ng mga materyal na nag-uugnay sa lokal at banyagang karanasan bilang paraan sa pagpukaw ng mas malalim na pag-unawa sa sariling pagkakakilanlan. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang antas ng paghahanda ng mga kagamitang

pampagtuturo sa asignaturang Filipino ay nasa katamtamang antas lamang. Sa pag-aaral ni Frances Antoinette C. Cruz (2017), tinukoy nito ang kakulangan sa pagsasama ng intercultural content sa pagtuturo ng wikang banyaga. Iminungkahi niya ang paggamit ng mga materyal na nag-uugnay sa lokal at banyagang karanasan bilang paraan sa pagpukaw ng mas malalim na pag-unawa sa sariling pagkakakilanlan

4. Bagaman epektibo ang interkultural na thematic integration sa pagtuturo ng Filipino, may umiiral pa ring karagdagang hamon na dapat pagtuunan ng pansin upang higit itong maging matagumpay at makabuluhan. Kabilang sa mga pangunahing suliranin ang pagkakaibang kultural at kakulangan sa kontekstong pag-unawa, kung saan may ilang mag-aaral na nahihirapang maunawaan ang mga aralin kapag inihahambing ang dalawang magkaibang kultura, partikular ang kulturang Pilipino at Koreano. Ito ay maaaring dulot ng kakulangan sa karanasan, exposure, o sapat na pagpapaliwanag hinggil sa kulturang pinaghahambingan. Isa ring hamon ang limitadong oras sa pagtuturo, na nagiging hadlang sa mas malalim na pagtalakay at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga interkultural na konsepto.

5. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humantong sa pagbuo ng plano ng mga gawain bilang interbensyon sa pagtuturo ng Filipino na tumutugon sa mga hamon na lumitaw sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga gawaing nakabatay sa kultura, teknolohiya, at kolaborasyon, inaasahang magiging mas makabuluhan, kontekstuwalisado, at makataong karanasan sa pagkatuto ang asignaturang Filipino sa mga mag-aaral ng SPFL Korean Language.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

***Kongklusyon***

1. Batay sa resulta ng pag-aaral , nakabuo ang mananaliksik ng mga konklusyon.
2. Natuklasan sa pag-aaral na sa antas ng kasanayan sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa SPFL Korean Languange sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ay lubos na sumasang-ayon
3. Lumabas sa pag-aaral na epektibo ang paggamit ng interkultural na thematic integration at may interpretasyon na makabuluhan.
4. Sa naging hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng interkultural na thematic integration sa pagtuturo ay sang-ayon.

*Ang panlinang na plano o enrichment plan ay isang epektibong interbensyon upang mapalalim ang interkultural na pag-unawa. Ang mga gawaing nakabatay sa kultura, teknolohiya, at kolaborasyon ay makatutugon sa mga natukoy na hamon. Sa pamamagitan nito, nagiging mas makabuluhan, kontekstuwalisado, at makatao ang pagkatuto ng Filipino sa kontekstong Asyano.*

***Rekomendasyon***

Batay sa nabuong rekomendasyon nabuo ang mga mungkahi

1. Maaaring ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga seminar o workshop sa mga guro, ukol sa intercultural teaching strategies at thematic integration upang higit na mapalalim ang kakayahan ng mga guro sa pagbuo ng mga aralin at kagamitang may kulturang konteksto.
2. Maaaring irekomenda ang paggamit ng mga audio-visual at digital materials na naglalarawan ng parehong kulturang Pilipino at Koreano upang gawing mas malinaw at kawili-wili ang mga aralin.
3. Maaaring hikayatin ang paggamit ng participatory learning strategies tulad ng think-pair-share, group debates, at digital collaboration upang mabigyan ng boses at tiwala ang lahat ng mag-aaral sa diskusyon.
4. Maaaring magtakda ng sapat na oras para sa mga interkultural na aktibidad at pagbibigay ng supplementary sessions para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong sa pag-unawa sa kulturang pinag-uugnay.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# TALASANGGUNIAN

**A. Mga Aklat**

Fabro, B. D., Garcia, M. F. M. A., & Amtalao, J. A. (2024). *Integrasyon ng kulturang bago sa pagtuturo ng Filipino*. Malay Journal, 37(1), 4.

Medriano III, J., & Pangan, Z. (2020). *Using topic models to examine online discourse on the introduction of a Korean language elective in the Philippines*. FOREWORD i Research Articles, 97.

Stringer, E. T. (2007). *Action research* (3rd ed.).

---

**B. Di-Nailathalang Materyales**

Cruz, F. A. (2017). *Compartmentalizing culture? A critical examination of the language/culture nexus in foreign language teaching*. Philippine Humanities Review, 19(2), 65–85.

De Jesus-Reyes, J. (2024). *A critical pedagogy analysis of literature teachers' perspectives on the integration of multicultural literature in higher education*. Revue de Traduction et Langues, 23(1).

---

**C. Dyornal / Magasin / Peryodiko**

Abella, R. G. (n.d.). *Interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na nakaiimpluwensya sa interes ng mga mag-aaral*.

Laranjo, R. O. (2017). *Politics of language in "Korean style multiculturalism": Utilization of Filipino language in Korean language textbooks for marriage migrants*. Plaridel, 14(1), 53–70.

Rilveria, J. R. C. (2023). *Towards a culturally sensitive model of therapeutic alliance: Exploring the role of Filipino values and shared realities*. Philippine Social Science Journal, 6(4), 19–32.

---

**D. Legal na Dokumento**

Department of Education. (2008). *DepEd Memorandum No. 560, s. 2008*.

Republic of the Philippines. (2013). *Republic Act No. 10533 (Enhanced Basic Education Act of 2013)*.

---

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**E. Elektronikong Sanggunian**

Ang makrong-kasanayan sa Filipinolohiya = The macro-skills in Filipinology. (n.d.). Retrieved from https://ejournals.ph/form/print.php?id=7993

Nicolau, C., & Lache, S. (2017). *Academic study programmes instructed in foreign languages: Implementing internationalization strategies in multicultural environments*. ICERI Proceedings, 1, 8252–8262. https://doi.org/10.21125/iceri.2017.2220

Tangonan, R. B., Villanueva, V. M., & Zamora, N. C. (2016). *Special Filipino curriculum (SFC): Isang mungkahing kurikulum sa Filipino para sa dayuhang mag-aaral*. The Normal Lights, 10(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v10i2.259